

## PHILIPPINE ORGANIC AGRICULTURE ACT

Ang POAC naglalayong ipalaganap at paghusayin ang organikong pagsasaka sa bansa tungo sa pagpapalakas ng ani at kita ng mga magsasaka, mabuting kalusugan ng mga mamamayan, at pag-iwas sa tuluyang pagkasira ng kapaligiran.



## REGIONAL ORGANIC AGRICULTURE PROGRAM SUPPORT SERVICES

- Pamamahagi ng *production* inputs tulad ng buto, materyales, hayop, *fertilizers*, at *soil ameliorants* at paggabay sa mga magsasaka
- Pagsasanay sa *production technologies*, pamantayan sa organikong pagsasaka sa bansa, atbp.
- Pagtatatag ng *Organic Agriculture Hub*
- Pagsesertipika ng mga organikong magsasaka sa pamamagitan ng *Participatory Guarantee System*



DEPARTMENT OF AGRICULTURE IV-CALABARZON  
LIPA AGRICULTURAL RESEARCH AND EXPERIMENT  
STATION (LARES) BRGY. MARAOUY, LIPA CITY,  
BATANGAS

REGIONAL AGRICULTURE AND  
FISHERIES INFORMATION SECTION  
2022

f DA4CALABARZON

✉ rafis@calabarzon.da.gov.ph

🌐 www.calabarzon.da.gov.ph

📺 DEPARTMENT OF AGRICULTURE REGION IV-A



# ANO ANG ORGANIC AGRICULTURE?



## ANO ANG ORGANIC AGRICULTURE?

Ang organic agriculture (OA) ay tumutukoy sa pangkalahatang sistema ng pagsasaka na gumagamit lamang ng mga natural na materyales at pamamaraan upang pamahalaan ang mga tanim at alagang hayop.



## MGA BENEFISYO NG ORGANIC AGRICULTURE

- ✓ Bawas gastos sa pagbili ng sintetikong kemikal tulad ng *pesticides, chemical fertilizers, antibiotics*, atbp.
- ✓ Mas ligtas at mas masustansya ang pagkain dahil hindi ito ginamitan ng sintetikong kemikal
- ✓ Mapapatagal ang pakinabang sa lupang taniman dahil mapapanatili ang kalusugan at sustansya nito
- ✓ Mas mataas na kalidad ng ani dahil sa malusog na lupa. Dahil dito, maaaring maibenta sa mas mataas na halaga ang ani.
- ✓ Mapapangalagaan ang balanse ng ekosistema sa bukirin



## GABAY SA CROP PRODUCTION

Hango sa Philippine National Standard on Organic Agriculture 07:2016



- Gumamit ng butong mataas ang kalidad at *certified organic*. Maaari rin ang *non-organic* na buto ngunit kailangang hindi ito naibabad sa pesticide. Hindi pwedeng gumamit ng *genetically-modified* na buto.
- Patabain ang lupa sa pamamagitan ng pagtatanim ng *legumes/deep-rooting plants* at paglalagay dito ng mga organikong materyal (dumi, compost, atbp.) Huwag gumamit ng sintetiko at matatapang na *fertilizers* na nakakásira sa lupa.
- Hangga't maaari ay agapan na ang pagatake ng mga peste sa mga tanim. Gumamit lamang ng mekanikal / pisikal / biyolohikong pamamaraan sa pagpuksa ng mga peste. Hindi pwedeng gumamit ng sintetikong pestisidyo.
- Gumawa ng "*buffer zones*" o pagitan sa ibang bukirin o establisimyento upang hindi makontamina ng sintetikong materyal ang bukid.
- Hindi maaaring magsilab sa bukid.
- Gumamit ng mga *crop diversification methods* tulad ng: *intercropping, crop rotation, relay cropping*, atbp.

## GABAY SA ANIMAL PRODUCTION

Hango sa Philippine National Standard on Organic Agriculture 07:2016

- Itaguyod ang mga pangangailangan ng mga hayop sa kanilang titigilan:

1. Malayang paggalaw kung saan may sapat na bentilasyon at sikat ng araw;
2. Proteksyon sa masama o matinding panahon; at
3. Pahingahan, inuman, at kainan.

- Maaaring ipasumpit ang mga alaga, ngunit hindi maaaring gumamit ng modified na semilya.

- Sundin ang ratio na ito ng pakain para sa mga alagang hayop:

- Year 1 – 50% non-organic, 50% organic
- Year 2 – 30% non-organic, 70% organic
- Year 3 – 10% non-organic, 90% organic
- Year 4 onwards – 100% organic

- Upang madaling matukoy ang hayop, maaaring gawin ang mga ito: pagta-tattoo, ear notching, ear tagging, at wing tagging.

- Gumawa at magpatupad ng biosecurity measures sa pasilidad.

- Hangga't maaari ay gumamit lamang ng mga organikong gamot. Maaari ring bakunahan ang mga ito kung dinidikta ito ng batas.

